REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON MARCH 13, 2018 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL

PRESENT:

Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr.,	Presiding Officer
Hon. Aileen Grace A. Montalbo,	Councilor
Hon. Glenn M. Aldover,	"
Hon. Sergie Rex M. Atienza,	"
Hon. Hamilton G. Blanco,	"
Hon. Alyssa Renee A. Cruz,	"
Hon. Armando C. Lazarte,	"
Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted,	"
Hon. Julian B. Villena,	"
Hon. Gerardo A. Dela Roca,	"
Hon. Nestor E. Dimacuha,	"
Hon. Nelson J. Chavez,	"
Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha,	ABC-Rep.

ABSENT:

Hon. Oliver Z. Macatangay, (O.B.)	Councilor

"On motion of Councilor Montalbo duly seconded, the following Resolution was Adopted:

RESOLUTION NO. 98 S. 2018

REFERRING TO THE COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS THE ORDINANCE NO. 1 S. 2018 OF BARANGAY PAHARANG KANLURAN, BATANGAS CITY, ENTITLED: "ANG ORDINANSA NA NAGBABAWAL SA ALPAS NA ASO AT PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN AT MULTA SA MAY-ARI NG ALPAS NA ASO NA NAKAKAGAT O NAGING SANHI NG AKSIDENTE SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR"

RESOLVED, to refer to the Committee on Barangay Affairs for study and recommendation the Ordinance No. 1 S. 2018 of Barangay Paharang Kanluran, Batangas City, entitled: "Ang Ordinansa na Nagbabawal sa Alpas na Aso at Pagpapataw ng Kaparusahan at Multa sa May-Ari ng Alpas na Aso na Nakakagat o Naging Sanhi ng Aksidente sa mga Pampublikong Lugar."

UNANIMOUSLY APPROVED."

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 98 S. 2018 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on March 13, 2018.

ATTY. OLIVA D. TELEGATOS
Secretary
Sangguniang Panlungsod

ATTESTED:

EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.
Presiding Officer

ODT/ystingchuy…

LUNGSOD NG BATANGAS
SANGGUNIANG PAMBARANGAY
BARANGAY PAHARANG KANLURAN

ORDINANSA BILANG 1 SERYE 2018

ANG ORDINASA NA NAGBABAWAL SA ALPAS NA ASO AT PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN AT MULTA SA MAY-ARI NG ALPAS NA ASO NA NAKAKAGAT O NAGING SANHI NG AKSIDENTE SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR.

Ipinatutupad ng Sangguniang Barangay ng Paharang Kanluran lungsod ng Batangas, Lalawigan ng Batangas.

SEKSYON 1. RESPONSIBILIDAD NG MAY-ARI NG ASO.

1. Resposibilidad ng may ari ng aso na itali o ikulong ang alagang aso .
2. Bigyan ng sapat na pagpagkain, maayos na tirahan at tamang pagkalinga ang alagang aso.
3. Regular na pabakunahan ang alagang aso laban sa rabies.
4. Iparehistro sa pamahalaang barangay ang alagang aso.

SEKSYON 2.,PAGPAPAREHISTRO NG ALAGANG ASO. *Iniuutos ng ordinansang ito na iparihistro ang* lahat ng alagang aso sa pamahalahang barangay .

SEKSYON 3 . PANGHUHULI NG MGA ALPAS NA ASO. Binibigyan ng kapangyarihan ng kautusang ito ang pambarangay na komitiba ng Agrikultura at komitiba ng kalusugan kasama ang mga barangay tanod na hulihin ang mga alpas na aso sa mga pampublikong lugar.

SEKSYON 4. PAGPAPABAKUNA NG MGA ASO. Ipinaguutos na ang lahat ng may ari ng aso na pabakunahan ng anti rabies vaccine ang lahat ng alagang aso . Ang may ari ng aso na tumangging pabakunahan ang alagang aso ay may pananagutan at kaparusahan ayon sa Republic Act No. 9482 "Anti Rabies Act of 2007".

SEKSYON 5. PANANAGUTAN NG MAY-ARI NG ASO KUNG NAKAKAGAT O NAGING DAHILAN NG AKSIDENTE . Ang may ari ng asong nakakagat o naging dahilan ng aksidente ay may pananagutang ipagamot at magbayad ng mapapagkasunduang halaga .

SEKSYON 6. KAPARUSAHAN

(1) May-ari na tumangging iparehistro at pabakunahan ang aso ng anti-rabies vaccine ay magmumIta ng P2,000.00.
(2) May-ari na ayaw pabakunahan ang aso laban sa rabies ay magbabayad sa lahat ng gastos sa bakuna ng nakagat na tao.
(3) May-ari ng nakakagat na aso na tumangging isailalim sa obserbasyon matapos makakagat ay magmumulta ng P10,000.00.
(4) May-ari na ayaw paobserbahan ang aso na nakakagat at ayaw sagutan ang kagastusan sa pagpapaturok ay magbabayad ng P 25,000.00.
(5) May-ari na ayaw magtali ng aso na dinadala sa labas ng kanyang bakuran ay magmumulta ng P500.00.
(6) Ang asong nahuli ay ilalagay sa itinalagang kulungan sa barangay sa loob ng tatlong araw at tutubusin ito ng P500.00 sa unang paglabag at sa pangalawang paglabag ay hindi na maaring tubusin at ito ay dadalhin sa OCVAS para hingin ang serbisyo nila para sa makataong pagpatay sa aso.
(7) May-ari na naging dahilan ng anumang uri ng aksidente dahil sa alpas nyang aso ay magbabayad sa lahat ng gastos sa pagpapagamot sa taong naaksidente.

SEKSYON 2. KAHULUGAN NG MGA SALITA. Sa pagkakagamit sa Ordinansang ito, ang mga salita ay nangangahulugang;

a. Alpas na aso – aso na hindi nakatali o nakakulong na gumagala sa labas ng bakuran .
b. Anti-Rabies Vaccine – Bakuna kontra sa rabies na itinuturok sa mga aso.

SEKSYON 12. TALATANG NAG-PAPAWALANG BISA. Anumang kautusan o ordinansa ng barangay na taliwas sa itinakda ng mga probisyon ng ordinansang ito ay pinapawalang bisa.

SEKSYON 13. PAGKABISA. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa sampung araw (10) araw buhat na ito ay marepaso at mapagtibay ng Sangguniang Panglungsod.

SAPAGKAT , ang pagaalaga ng aso ay may kaakibat na responsibilidad na bigyan ito ng makataong pag-aalaga, pagkalinga at pabakunahan laban sa rabies.

SAPAGKAT , maraming alpas na aso ang gumagala sa mga pampublikong lugar na sakop ng Barangay ,

SAPAGKAT , Karamihan sa may ari ng alpas na aso ang hindi alam ng kanilang pananagutan at reponsibilidad sa nakagat o naaksidente ng kanilang alagang aso,

SAPAGKAT , ipina-guutos ng batas sa ilalim ng RA 9482 na kilala bilang Anti Rabies Act of 2007 na kailangangang bakunahan ang mga aso laban sa rabies at may kaukulang parusa at multa sa hindi susunod at lalabag dito.

SAPAGKAT , wala pang batas pambarangay ang imiiral at ipinatutupad tungkol dito,

KUNGKAYAT, sa mungkahi ni Kagawad Antonio E. Riola at pinangalawahan ni Kagawad Luis Saiangcolor na gumawa ng batas pambarangay alinsunod sa RA 9482 Anti Rabies Act of 2007 upang lubos na maipatupad sa boung barangay ng Paharang Kanluran.

PINATUTUNAYAN na ng sinundang Resolusyon ng Barangay Blg. 1 na naglalaman ng Ordinansa na pinamagatang " **ANG ORDINASA NA NAGBABAWAL SA ALPAS NA ASO AT PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN AT MULTA SA MAY-ARI NG ALPAS NA ASO NA NAKAKAGAT O NAGING SANHI NG AKSIDENTE SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR".**

"Isang **ORDINASA NA NAGBABAWAL SA ALPAS NA ASO AT PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN AT MULTA SA MAY-ARI NG ALPAS NA ASO NA NAKAKAGAT O NAGING SANHI NG AKSIDENTE SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR".** ay isinasabatas ng Sangguniang Barangay sa pangkaraniwang pulong na ginanap sa Barangay Hall noong ika-___ ng _____ 2018.

PINATOTOHANAN:

CRISTINA LOPEZ
KALIHIM

PINAGTIBAY:

KGG. NENELITA ZARASPE
PUNONG BARANGAY

KGG. JERRY VILLENA
KAGAWAD

KGG. EDITHA TEGON
KAGAWAD

KGG. GREGORIO GUPIT
KAGAWAD

KGG. AVELINO CATE E
KAGAWAD

KGG. ANTONIO E. RIOLA
KAGAWAD (May Akda)

KGG. LOLINDA LILANG
KAGAWAD

KGG. LUIS SADIANGCOLOR
KAGAWAD